ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LIV Blg. 18
Setyembre 21, 2023
www.philippinerevolution.nu

**EDITORYAL**

# Hawiin ang nakalukob na karimlan ng batas militar

Mahigit limang dekada na ang nakaraan, subalit nananatili pa ring nakalukob sa buong bansa ang karimlan ng batas militar na ipinataw ni Ferdinand Marcos Sr noong Setyembre 21, 1972. Lalo pa ngayong kumakapal ang karimlang ito sa harap ng walang pakundangang pasismo at korapsyon ng gubyerno ni Ferdinand Marcos Jr, anak ng diktador, habang sagad-sagad ang pagdurusa ng sambayanang Pilipino, pagsadsad ng kanilang kabuhayan at pagyurak sa kanilang mga karapatan.

Garapalan ngayon ang korapsyon ng nangungunang mga upisyal ng rehimeng Marcos-Duterte. Wala silang kinikilalang pananagutan sa taumbayan. Tahasan ang kanilang paghamak, pagbalewala, o pagbabaluktot sa umiiral na batas ng reaksyunaryong sistema. Tulad sa ilalim noon ng diktadurang Marcos, ang "demokrasya" sa ilalim ni Marcos Jr ay isa lang mumurahing palamuti sa kanyang kapangyarihang walang kinikilalang hangganan.

Hawak ngayon ng pangkating Marcos-Duterte ang buong makinarya ng gubyerno. Ginagamit nilang pangunahing instrumento ng pagkontrol sa lipunan ang Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) at ang mga brutal, madudugo at tahasang iligal na taktika ng paninindak at panunupil sa taumbayan. Ginagamit nito ang National Task Force-Elcac, na unang itinatag ni Rodrigo Duterte, upang ipailalim sa mahigpit na kontrol ang lahat ng ahensya ng gubyerno, gamit ang bantang maakusahan na tumutulong sa "terorismo."

Lahat ng sangay at ahensya ng reaksyunaryong gubyernong Marcos ay tagasunod lamang sa kanyang mga dikta. Sakmal ng supermayoryang maka-Marcos at maka-Duterte ang Kongreso, kapwa ang senado at ang mababang kapulungan. Ang boses ng sandakot na minoryang mga oposisyunista ay pilit na nilulunod ng mga utusan ni Marcos at Duterte, upang isagasa anuman ang gusto ni Marcos at ni Duterte.

Mula nang maupo sa poder, may ilang kaso na laban sa mga Marcos ang ibinasura ng Korte Suprema at ibang korte na kasangkot ang halos ₱1.7 bilyong nakaw na yaman.

Sa ilalim ng paghahari-harian ng anak ng diktador na si Marcos Jr, sagad-sagaran ang paggamit ng kapangyarihan at kaban ng bayan. Kwestyunable man, imoral o tahasang iligal ang isang patakaran, programa o hakbangin, pinagtitibay ito at ibinibigay kina Marcos at Duterte. Ganitong "katapatan" ang ibinibigay ng mga alipures nila sa mga kampon ng diktador at pasista, kapalit siyempre ng pondo, pabor o pwesto. Matingkad itong ipinakikita ngayon sa usapin ng "confidential and intelligence funds" (CIF) na nakatakdang muling ilaan sa tanggapan ni Marcos (halos ₱5 bilyon) at ni Sara Duterte (₱650 milyon). Ito ay pera ng taumbayan na sikretong ginagastos ni Marcos at Duterte na



walang pananagutan sa mamamayan. Sa ganitong paraan din sinagasa ng mga alipures ni Marcos ang pagtatayo ng ₱500-bilyong Maharlika Investment Fund mula sa pondo ng bayan na ipahahawak kay Marcos para ilagay sa negosyo ng kanyang pinapaburang mga kroni na malalaking kapitalista.

Habang araw-araw ang pagdurusa at paghihirap ng masang anakpawis na pagdugtungin ang kanilang maliit na kita para pakainin ang kanilang mga pamilya, maya't maya ang pagliliwaliw at pagpapasarap-buhay ni Marcos at kanyang pamilya at upisyal sa ibang bansa, sa tabing ng diumano'y pagyayakag sa mga kapitalistang dayuhan na mamuhunan o mamasyal sa Pilipinas. Ang aabot sa isa't kalahating bilyong pisong badyet ni Marcos sa pagbyahe sa 2024 ay halos tatlong ulit na mas malaki kaysa noong 2022, at 5,000% kumpara sa badyet para dito noong 2021.

Ang mahigit ₱5-trilyon ipinapanukalang badyet ni Marcos para sa 2024 ay isang dambuhalang badyet para sa korapsyon. Pinakamalaking bahagi nito ay nakalaan sa mga proyektong pang-imprastruktura (mga tulay, kalsada, riles, at iba pa) na pinanggagalingan ng daan-daang milyong pisong kikbak na ibinubulsa ng mga burukratang kapitalista, kasabwat ang malalaking negosyante, at mga dayuhang bangko at korporasyon. Marami sa mga proyektong ito ay nagpapalayas sa masa sa kanilang lupang sinasaka o pinaninirahan, dumadambong at sumisira sa kalikasan at nagdadala ng lalong malalaking sakuna.

Kaakibat ng garapalang korapsyon at pandarambong sa pondo ng bayan, walang pakundangan ang pampulitikang paniniil at paggamit ng maruruming taktika ng estado, upang patahimikin ang mga kritiko ng rehimeng Marcos at alisin ang lahat ng hadlang sa korapsyon at sa mga programang kontra-mahirap at kontra-mamamayan. Patindi nang patindi ang mga pag-atake at paghahamlet sa mga komunidad sa kanayunan, pambobomba at pang-iistraping, pwersahang pagpapasurender sa mga sibilyan, mga kaso ng pagpatay at mga masaker. Dumarami ang kaso ng pagdukot, pagtortyur at pagwawala sa mga aktibistang nagsisilbi sa kapakanan ng masa.

Animo'y walang hangganan ang karimlan at lagim ng paghahari ni Marcos Jr, ng kapangyarihang tiraniko at paghaharing terorista ng estado. Subalit ang totoo, ang pagbaling sa todong pasistang kabangisan at walang pakundangang korapsyon sa ilalim ng rehimeng Marcos ay palatandaan ng higit na pagkabulok ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Ang mga ito'y lalong nagpapabilis sa pagkaagnas ng naghaharing sistema, at nagkikintal sa kamalayan ng taumbayan na dapat silang kumilos upang ipagtanggol ang kanilang interes at mga karapatan, at isulong ang adhikain para sa rebolusyonaryong pagbabago ng lipunan.

Ngayon, higit kailanman, kailangan kumilos ng sambayanang Pilipino upang hawiin ang karimlang inilulukob ni Marcos sa buong bansa. Dapat bunutin at iwaksi ang takot na pilit itinatarak ng teroristang estado sa dibdib ng taumbayan. Tulad sa panahon ng batas militar, nais ng mga pasistang reaksyunaryo na manaig ang pangamba at takot sa taumbayan, upang gupuin ang kanilang paglaban.

Sa gayon, kailangan ang tapang, determinasyon at nag-aalab na militansya para bagtasin ang landas ng paglaban, sa kalunsuran man o kanayunan, sa lansangan o sa landas ng armadong paglaban. Upang hindi manaig ang kabuktutan ng rehimeng Marcos, dapat tumindig at tumutol ang lahat ng demokratikong uri at pwersa.

Ang batas militar noong 1972 ay deklarasyon ng gera ng papet na estado ng US laban sa sambayanang Pilipino. Tulad ng paglaban noon sa pasistang diktadura, armadong pakikibaka ang pinakasandata ngayon ng bayan para labanan ang terorismo ng estado, kaakibat ang lahat ng iba pang posibleng anyo at paraan ng sama-samang pagkilos para labanan ang korapsyon, pasismo at pagkapapet ni Marcos Jr.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas ay nagsisilbing ubod, gulugod at pinuno ng malawak na paglaban ng sambayanang Pilipino. Dapat puspusang palakasin ang Partido, kabilang ang pamumuno nito sa Bagong Hukbong Bayan, upang tiyakin ang lahatang-panig na pagsulong ng rebolusyon at pangunguna sa martsa ng sambayanan tungo sa maaliwalas na kinabukasang demokratiko at may tunay na kalayaan. AB

ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 18 | Setyembre 21, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Hawiin ang nakalukob na karimlan ng batas militar 1
Pondo para sa pasismo at kapritso 3
Ang multibilyong mga sikretong pondo 4
Kaltas-badyet sa edukasyon 5
Aktibistang organisador, dinukot sa Negros 6
Oplan Pinta, laban sa militarisasyon 6
Jhed at Jonila: Mukha ng *fake surrender* 7
Sa madaling salita 8
Lugi ang mga magsasaka sa palayan 9
Armadong aksyon, inilunsad ng BHB 10
Mga protesta 10


Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

Panukalang badyet ni Marcos Jr sa 2024

# Limpak-limpak na pondo para sa pasismo at kapritso

Sa gitna ng labis-labis na paghihikahos ng taumbayan bunsod ng walang tigil na taas-presyo at pagsadsad ng ekonomya, hitik na hitik ang panukalang badyet ng rehimeng US-Marcos sa trilyun-trilyong pondo para palamnan ang bulsa ng iilan, lalo na ang matataas na burukrata at heneral, kasapakat, at kapamilya.




Malaking kasinungalingan ang sinasabi ng rehimen na "makamahirap" ang ₱5.768 trilyong pambansang badyet para sa 2024. Ang totoo, patuloy na tinitipid ng rehimen ang pondo para sa serbisyo at kagalingan ng mamamayan, habang inilalaan ang dambuhalang pondo upang suportahan ang kita ng mga korporasyon at militar. Ang pira-pirasong tulong panlipunan ay pinalalabas na malalaki upang ilihis ang atensyon mula sa kung gaano ito kaliit kumpara sa laki at saklaw ng mga problema sa kasalukuyan.

**Badyet para sa todong pasismo**

Habang ipinangangalandakan ng rehimen na pinakamalaking bahagi ng panukalang badyet ay mapupunta sa batayang serbisyo, hindi nito maikukubli kung gaano kalaki ang pondong idinagdag sa badyet ng militar.

Pinakamataas ang pagtaas sa badyet sa depensa, na may pagtaas na 21.6% tungong ₱282.7 bilyon mula sa kasalukuyang ₱232.5 bilyon.

Bahagi sa badyet na ito ang ₱50 bilyon para sa "modernisasyon" ng Armed Forces of the Philippines, na may pagtaas na 82% mula sa nakaraang taon. Popondohan nito ang pagbili ng mga gamit-militar, mayorya mga lumang kagamitan mula sa US, tulad ng mga *multi-role fighter,* radar, barko, sistema ng misayl, helikopter, *drone* at mga bomba sa susunod na limang taon. Malaking bahagi sa mga ito ay ginagamit laban sa mga sibilyan at kanilang mga komunidad sa kontra-rebolusyonaryong gera ng AFP sa kanayunan.

Laman din ng panukalang badyet ang ₱9.7 bilyong pondo para sa NTF-Elcac, kung saan ang ₱1.08 bilyon ay nakalaan sa pulis at ₱8.64 bilyon ay para sa "Barangay Development Program." Matagal nang nalantad na ang pondong ito ay dumidiretso sa bulsa ng mga upisyal ng AFP at PNP, at ginagamit din para todong maghasik ng lagim sa masang magsasaka at minorya.

Liban sa mga ito, patuloy na sinisipsip ng mga parasitong retiradong sundalo at pulis ang pondo ng bayan. Para sa 2024, mas malaki ang inilaang pensyon para sa kanila na ₱129.82 bilyon, kumpara sa buong badyet para sa agrikultura na ₱108.5 bilyon lamang.

**Pagtitipid sa serbisyong panlipunan**

Habang binubundat ng estado ang pulis at militar, todo naman ang pagtitipid nito sa pondo para sa serbisyong panlipunan.

Sa susunod na taon, kabi-kabila ang *budget cut* sa mga batayang serbisyo. Habang sinasabing isa ang Department of Education (DepEd) sa mga tatanggap ng pinakamalalaking taas-badyet, tanging ang mga upisina na direktang nasa ilalim ni Sara Duterte ang makikinabang mula sa dagdag na pondo. Lahat ng iba pang ahensyang nakakabit sa DepEd ay kakaltasan, kabilang na ang National Book Development Board, National Council for Children's Television, National Museum of the Philippines, Philippine High School for the Arts, Early Childhood Care and Development Council, at National Academy of Sports.

Malalaki rin ang kaltas ng iba pang mga ahensyang nagbibigay ng mga serbisyong pang-ekonomya at panlipunan. Kabilang dito ang Department of Agrarian Reform, Department of Labor and Employment, Department of Health at Department of Migrant Workers.

Malaking dagok ang mararanasan ng sektor ng kalusugan sa 2024, dahil halos ₱10 bilyon ang nakaambang *budget cut* sa mismong Department of Health pa lamang. Sa kabuuan, umaabot lamang sa ₱481 bilyon ang badyet para sa kalusugan, o 8% ng kabuuang pambansang badyet.

Kabilang sa babawasan ng pondo ang Philippine General Hospital, Lung Center of the Philippines, National Kidney & Transplant Institute, Philippine Children's Medical Center, at Philippine Heart Center.

Maging ang mga "emergency assistance program" ng Department of Social Work and Development na dapat sana'y ayuda sa mga nagigipit na Pilipino ay nakatakdang kaltasan nang halos ₱28 bilyon.

Umaabot din sa 30 *state*

*Sundan sa pahina 4*

# Ang multibilyong mga sikretong pondo

Laman ng balita sa nagdaang mga linggo ang “confidential and intelligence funds” (CIF) para kay Ferdinand Marcos Jr, Sara Duterte at 22 pang ahensya ng estado sa susunod na taon. Makatatanggap si Marcos ng ₱4.85 bilyon na CIF, habang si Sara Duterte ay makakakopo ng ₱650 milyon.

**₱2.5 TRILYONG**
**PORK BARREL NI MARCOS JR. SA 2024**

| | |
|---|---|
| Automatic Appropriations | ₱ 1.7 trilyon |
| Special Purpose Funds | ₱ 733 bilyon |
| Confidential and Intelligence Funds | ₱ 10.14 bilyon |
| **KABUUAN** | **₱2.5 TRILYON** |

Matatandaang lantarang ang pangungurakot ng rehimeng Marcos Jr sa pondo noong 2022 nang inilipat nito ang ₱221.4 milyon mula sa “contingent fund” ng pangulo tungo sa upisina ni Duterte. Sa halagang ito, ₱125 milyon ang inilaan para sa “confidential funds” ng bise presidente, na batay sa mga dokumento, ay nagasta sa loob lamang ng 19 na araw—o ₱7 milyon kada araw. Dahil “confidential” ang pondong ito, lingid sa publiko kung saan ito napunta.

Hindi na bago ang CIF. Pero sa kabila ng pagtutol dito ng taumbayan, tuluy-tuloy itong lumalaki sa nagdaang mga dekada. Sa ilalim ng rehimeng Gloria Arroyo noong 2001, ₱959.5 milyon ang kabuuang CIF. Todong lumobo ito sa panahon ni Rodrigo Duterte, na mula 2016 ay nilaanan ng ₱1.7 bilyon, at lumobo tungong ₱6.8 bilyon noong 2017. Ang ₱10.14 bilyong CIF sa 2024 ay 957% nang mas malaki kumpara sa CIF noong 2001.

Nakapadron ang paggamit ng reaksyunaryong gubyerno ng CIF sa gubyerno ng US, kung saan ang tawag dito ay “black budget.” Sadyang hindi ipinapakita sa publiko kung saan ginagamit ang *black budget* dahil kadalasa’y pinopondohan nito ang mga iligal na operasyon ng gubyerno.

Sa Pilipinas, ginagamit ito sa “maseselang operasyong panseguridad,” tulad ng pagtatayo o pagupa ng mga “safe house,” pagbabayad sa mga “impormante,” pagbili o pag-upa ng mga sasakyan sa mga “espesyal na operasyon” at iba pa na may kaugnayan sa kahindik-hindik na mga krimen ng ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot, pag-aresto at detensyon. Sa kaso ni Sara Duterte, ginagamit din ito para sa sarbeylans at paniktik sa unyon ng mga guro at mga aktibistang estudyante. Dahil walang pagtutuos, napakadali nitong ibulsa ng mga upisyal, kapwa sa burukrasyang sibil at militar. AB

---

*Mula sa pahina 3*

*universities and colleges* ang may budget cut sa 2024. (*Tingnan ang kaugnay na artikulo.*)

**Trilyones na pondong pansarili**

Mistulang sariling bangko ni Marcos Jr ang pambansang badyet dahil halos kalahati, o 43%, nito ay tuwirang hawak niya. Ibig sabihin, napakadali para sa kanya na ilipat-lipat ang umaabot sa ₱2.5 trilyon sa susunod na taon, kailanman o para sa kahit anumang dahilan.

Matuturing na “pork barrel” ng pangulo ang mga pondong nasa “automatic appropriations,” “special purpose funds” at CIF, dahil una sa lahat, walang kontrol ang Kongreso sa mga pondong ito.

Isang malaking bahagi ng *pork barrel* ni Marcos ang tinatawag na “Special Purpose Funds” (SPF) o mga bahagi ng budyet na kadalasan ay “lump sum” o buu-buo at walang eksaktong paglalaanan. Para sa 2024, aabot sa ₱733 bilyon ang SPF. Isang malaking maaaring paglaanan ng SPF ang “Miscellaneous Personnel Benefits Fund” (MPBF), na dadagdagan nang tumataginting na 409% mula sa kasalukuyang ₱26.6 bilyon tungong ₱135.7 bilyon sa susunod na taon.

Ayon sa espesyal na probisyon kaugnay sa paggamit ng MPBF, ang naturang pondo ay maaaring gamitin para sa “kakulangan sa mga awtorisadong sahod, bonus, alawans, kaugnay na primyum, at iba pang katulad na mga benepisyo ng mga empleyado ng gubyerno, kabilang na ang mga kinakailangang serbisyo para sa pagpuno at paglikha ng mga pusisyon, at mga pag-aayos sa kumpensasyon, kung maaaring awtorisado ng batas, ng Pangulo ng Pilipinas, o ng DBM.”

Sa todong pagbundat sa MPBF, tinitiyak ni Marcos ang mga sweldo at bonus ng pinakamatataas na upisyal at alipures ng kanyang rehimen, kabilang ang kanyang sarili.

Liban dito, tiba-tiba rin ang mga kasapakat at kaalyado ni Marcos Jr. sa pagpapataba sa panukalang badyet. Nilaanan ng ₱1.418 trilyon ang nakasusuklam na “Build Better More,” ang programa para sa imprastruktura na pinaglalawayan ng mga bilyunaryong kasapakat ng kanyang pamilya dahil sa malalaking kikbak mula rito. AB

Pagtalikod ng estado sa kabataan

# Kaltas-badyet sa edukasyon

Malinaw na wala sa prayoridad ng reaksyunaryong gubyerno ni Ferdinand Marcos Jr ang kinabukasan ng kabataang Pilipino. Sa kabila ng 9.5% na paglaki ng pondo sa panukalang pambansang badyet para sa 2024, kinaltasan ng 5.8% ang badyet ng mga pampublikong unibersidad at kolehiyo (*state universities and colleges* o SUC). Mula sa maliit na ₱107 bilyon ngayong 2023, nasa ₱100.9 bilyon lamang ang ipinanukalang alokasyon para sa mga ito sa 2024.

Higit na nakapanggagalit, ang panukalang badyet ay wala pa sa sangkatlo (1/3) ng kailangang ₱331.34 bilyong badyet para sa 117 SUC. Sa panukala ng rehimeng Marcos, pinakamalaki ang tinapyasan sa pondo ng SUC para sa imprastruktura (capital outlay). Sa hinihinging ₱200.4 bilyon para dito, ₱5.5 bilyon lamang, o wala pang 3%, ang inilaan.

Sa 117 SUC, 30 ang makakaltasan ng pondo. Pinakamalaki ang ₱2.9 bilyong kaltas sa badyet ng University of the Philippines (UP). Sa nagdaang taon, pababa nang pababa ang badyet na tinanggap nito—mula ₱24.29 bilyon noong 2022, ₱24.26 sa 2023 at ₱21.29 bilyon na lamang para sa 2024.

Kasunod na pinakamalaki ang tinapyas na pondo sa Mindanao State University (₱2.3 bilyon), Mariano Marcos State University (₱1.5 bilyon), Eastern Visayas State University (₱1.3 bilyon), Central Bicol State University (₱1.2 bilyon), at West Visayas State University (₱852.9 milyon).

**Kulang na badyet para sa libreng matrikula**

Ngayong 2023, nasa ₱18.74 bilyon lamang ang ilalaang pondo para sa libreng matrikula para sa 1.74 milyong estudyante sa mga SUC. Ayon sa ulat, kulang nang ₱4.23 bilyon ang badyet na ito para saklawin ang lahat ng mga estudyante. Sa panukalang badyet para sa 2024, tinatayang magkukulang muli nang ₱4.16 bilyon ang ₱21.7 bilyon para makatamasa ng libreng matrikula ang inaasahang higit-kumulang 1.8 milyong estudyante.

Dahil kulang sa pondo, guro at pasilidad, limitado lamang ang tinatanggap na estudyante ng mga SUC. Sa nagdaang taon, 105,000 kabataan ang pumila, pero 15,000 lamang ang tinanggap sa UP; habang sa 173,000 na nag-eksam, 20,000 lamang ang tinanggap sa Polytechnic University of the Philippines.

Wala pa sa kalahati ng 4.43 milyong estudyanteng nakapag-aaral sa kolehiyo ang nakatatamasa ng libreng matrikula. Marami ang natutulak na mag-aral sa mga pribadong kolehiyo at pamantasan dahil sa kakulangan ng pampublikong mga paaralan. Tintatayang gumagastos ang isang estudyante sa kolehiyo ng abereyds na ₱150,000 para sa bawat taon ng pag-aaral.

Kaya naman ganoon na lamang ang galit ng mga kabataan sa naging panukala ni Benjamin Diokno, kalihim sa pinansya ng rehimeng Marcos, na bawasan pa ang bilang ng mga estudyanteng bibigyan ng libreng matrikula dahil hindi umano ito "sustenable." Dagdag pa niya, dapat rin bawasan pa ang bilang ng SUC sa bansa.

Sagot ng mga grupo ng kabataan, ang hindi sustenable ay ang ₱78,852.14 kada araw na ipinasasahod kay Diokno kumpara sa ₱64.74 kada araw na ginastos ng estado kada estudyanteng tumatamasa ng libreng matrikula.

**Todo-suporta sa edukasyong militar**

Habang kinakaltasan ng pondo ang SUC, todo-buhos naman ang pondo ng gubyerno para sa Philippine Military Academy (PMA). Sa nagdaang mga taon, tuluy-tuloy na lumaki ang pondo nito, mula ₱1.36 bilyon noong 2022, ₱1.47 bilyon ngayong 2023 at ₱1.58 bilyon para sa 2024.

Sobra-sobra ang pagpapalayaw sa mga kadete ng PMA. Ngayong 2023, ginastusan ng gubyerno ng ₱1.13 milyon bawat isa sa 1,300 kadete nito. Samantala, nasa lubhang malayong abereyds na ₱61,686 kada estudyante ang ginagastos ng estado para sa mag-aaral sa SUC ngayong taon. Sa madaling salita, katumbas ng 18 estudyante sa mga SUC ang pondo para sa isang kadete ng PMA. AB

**BUDGET CUT**

| | Badyet sa 2023 | Hiling na badyet ng SUCs para sa 2024 | Panukala sa 2024 |
|---|---|---|---|
| *Personnel Services* | ₱56.61B | ₱75.21B | ↓ ₱59.60B |
| *Maintenance and Other Operating Expenses* | ₱35.81B | ₱50.20B | ↓ ₱35.80B |
| *Capital outlay* | ₱14.62B | ₱205.90B | ↓ ₱5.50B |
| Kabuuan | ₱107B | ₱331.34B | ↓ ₱100.90B |

# Aktibistang organisador, dinukot sa Negros; kasamang drayber natagpuang patay

Dinukot ng mga ahente ng estado si Bea Lopez, organisador ng magsasaka, at ang drayber ng sinakyan niyang traysikel na si Peter Agravante sa Sipalay City, Negros Occidental noong Setyembre 15. Ayon sa mga ulat, bumibyahe papuntang Barangay Gil Montilla ang dalawa nang hinarang at sapilitan silang isinakay ng armadong kalalakihan sa isang puting *van*. Isinakay din sa isang *pick-up truck* ang sinakyang traysikel ng mga biktima.

Kinabukasan, natagpuan ng residente ang bangkay ni Agravante na itinapon sa tabi ng daan sa Satori Cliff sa Barangay Nagbo-alao, Basay, Negros Oriental. Nakatali ang kanyang mga kamay at paa gamit ang *duct tape*. Binusalan din ang biktima gamit ang *duct tape*. Mayroon itong tama ng bala sa ulo.

Samantala, isang abugado at isa pang magsasaka ay naiulat na pinaslang sa nakaraang dalawang linggo.

Sa Abra, binaril sa harap ng kanyang bahay sa Bangued noong Setyembre 14 si Atty. Maria Saniata Alzate, isa sa mga abugado na nagbibigay ng libreng ligal na serbisyo sa mahihirap na may kaso. Pangatlo na siyang abugado na pinatay sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Kinilala si Alzate bilang abugado ng isang kliyenteng nagsampa ng petisyon para sa *writ of amparo*. Ang kliyenteng ito ay dinukot, tinortyur at iligal na dinetine ng mga pulis sa Bangued, Abra ngayong taon. Sinang-ayunan ng korte ang petisyon at ipinailalim sa imbestigasyon ang anim sa walong pulis na sangkot sa kaso.

Sa Masbate, pinaslang ng tatlong elemento ng estado ang 67-anyos na magsasakang si Naldo Canama sa Sityo Angkay, Barangay Tubog sa bayan ng Cawayan noong Setyembre 7. Ayon sa ulat, lulan ng motorsiklo ang tatlong salarin na bumaril at pumatay kay Canama. Si Canama ang ika-19 na biktima ng pampulitikang pamamaslang sa prubinsya sa ilalim ng rehimeng Marcos.

**Pag-aresto.** Inaresto ng mga pulis at sundalo sa gawa-gawang kaso ng pagpatay at tangkang pagpatay ang mga magsasakang sina Judy Blazer, 61, at Junjie Camanso, 30, sa Sityo Mainit, Barangay Santol, Binalbagan, Negros Occidental noong Setyembre 10. Pinararatangan silang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan. Inaresto si Blazer kahit halos hindi na makakita at makapaglakad dahil sa katandaan.

**Pambobomba.** Labing-isang beses na nanganyon ang 82nd IB at 12th IB sa Barangay Cabatangan, Lambunao, Iloilo noong Setyembre 15. Tumagal ang panganganyon nang dalawang oras kung saan bumagsak ang ibang bala ng kanyon sa halos 100 metro lamang ang layo sa mga kabahayan.

Liban dito, mahigit 200 tropa ng militar ang patuloy na nanghahalughog at naghahasik ng takot sa mga komunidad ng katutubo at magsasaka mula pa noong Setyembre 3 sa mga bayan ng Calinog at Lambunao, Iloilo.

**Pamamaril.** Naghasik ng takot ang 94th IB sa pagpapaputok nito ng M203 at pagpapaulan ng bala sa Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental noong Agosto 17.

Limang bala ng M203 ang pinaputok ng mga sundalo sa Sityo Cantupa-Pisok, Barangay Buenavista. Naapektuhan nito ang pamilyang Martinez at Mariano sa komunidad, kabilang na ang 11 menor de edad.

Matapos nito, niransak ng mga sundalo ang bahay ng pamilyang Martinez at inokupa ito nang ilang oras. Habang umiiyak ang mga bata sa bahay, sumisigaw ang mga sundalo at nagpaputok pa ng baril. Pinahirapan at tinakot din ng mga sundalo ang mga myembro ng pamilyang Mariano. AB

### Oplan Pinta, tugon ng kabataan sa militarisasyon sa Sorsogon

PARA IPAKITA ANG galit ng mamamayan sa patuloy na pasistang mga pag-abuso ng 31st IB sa mga barangay ng Donsol, Sorsogon, naglunsad ang mga kabataan ng "oplan pinta" sa kahabaan ng mga kalsada tungo sa sentro ng Donsol.

Ilan sa matatapang na salitang ipininta ng kabataan ang "31st IB, layas! Mamamatay-tao!", "AFP Terorista!" at "Oust Marcos Jr!". Pagbibigay-boses ito sa mamamayan ng Donsol na tumatakwil sa operasyong panghahalihaw ng mga pasistang tropa ng militar sa kanilang bayan.

Ayon sa kabataan, tugon nila ito sa pagpapaulan ng bala ng dalawang elemento ng 31st IB noong Agosto 4 sa bahay ni Kapitan Erwin Vista ng Barangay Alin na siya ring presidente ng Association of Barangay Captains (ABC). Matatandaang naglunsad ng operasyon RCSP ang mga sundalo sa naturang barangay noong Agosto.

Maliban sa mga operasyong kombat sa bayan ng Donsol, naglulunsad din ng “Retooled Community Support Program” o RCSP sa Barangay Migabod at Barangay Catamlangan sa bayan ng Pilar.

# Jhed at Jonila: Mukha ng pekeng pagpapasuko

Supalpal ang NTF-Elcac sa sariling nitong *press conference* noong Setyembre 19 nang matapang na ibunyag nina Jhed Tamano at Jonila Castro ang pagdukot, detensyon, pagbabanta at pagpilit sa kanila ng militar para maging mga "surrenderi."

Dinukot sina Tamano at Castro, dalawang aktibistang maka-kalikasan, sa Orion, Bataan noong September 2. Ayon sa mga nakasaksi, nagpumiglas ang dalawa sa mga armadong lalaking sapilitang nagsakay sa kanila sa isang *van*. Tinangka pa ng isa na umakyat sa tarangkahan ng malapit na bahay pero hindi siya nakatakas. Tanging mga tsinelas nila ang naiwang bakas ng marahas na pagdukot sa kanila. Sa loob ng *van*, nagpakilala sa kanila ang mga sundalo bilang ahenteng paniktik ng 70th IB. Sa loob ng 14 araw, itinanggi ng militar na hawak nila ang dalawa.

**Pagbasag sa kasinungalingan**

"Ang totoo niyan, dinukot kami ng militar," matapang na pahayag nina Castro at Tamano, sa gulat ng katabi nilang kumander ng 70th IB. "Hindi totoo yung laman ng *affidavit* (na sumurender kami) dahil ginawa 'yun at pinapirmahan sa loob ng kampo ng militar."

Simula pa lamang sa paghahanap ng mga organisasyon kina Tamano at Castro noong September 4, malinaw nang alam ng pulis kung nasaan ang dalawa. Hindi pinahintulutan ng PNP Orion na magpa-*blotter* ang nanay ni Castro na si Rose at tumanggi itong pirmahan ang Desaparacidos Form para patunayan na wala sa kustodiya nila ang dalawa.

Ayon sa nakatatandang Castro, alam ng mga awtoridad kung paano siya uugnayan dahil sa nakaraan, madalas siyang puntahan ng nagpakilalang mga sundalo at ahente ng NTF-Elcac para tulungan siyang "ipasurender" ang kanyang anak. Iginiit niya na walang ginagawang masama ang kanyang anak at suportado niya ito sa pagiging aktibista dahil tumutulong lamang ito sa kapwa.

**Paglaban sa reklamasyon**

Sina Castro at Tamano ay nagsisiyasat sa epekto ng mga proyektong reklamasyon sa Manila Bay sa kabuhayan ng mga mangingisda at sa kalikasan. Si Castro ay nagpasyang maging buong panahong boluntir sa AKAP KA Manila Bay matapos maranasan ang hirap sa pag-aaral noong panahon ng *lockdown*. Si Tamano naman ay boluntir ng Ecumenical Bishops Forum na nagtapos sa kursong *business economics* pero hindi na lumahok sa seremonya ng pagtatapos dahil para sa kanya, mas importante ang panahon niya sa komunidad. Batid nilang dalawa ang hirap ng mga nasa komunidad na dulot ng mga proyektong tulad ng New Manila International Airport ng San Miguel Corporation sa Bulacan.

Naghahanda sila para sa *relief operations* sa Bataan bago sila dinukot. Naging kapansin pansin ang mas mabilis na pagbaha sa ilang bahagi ng Bataan lalo na noong huling dalawang bagyong dumaan. Bukod dito, matagal nang iniinda ng mga mangingisda sa prubinsya ang pagbaba ng kanilang kita dahil sa *offshore* at *seabed quarrying*.

Noong Hunyo, inaprubahan ng *provincial council* ng Bataan ang 235-ektaryang reklamasyon sa Mariveles Bay. Sa pamamagitan ng Premiumm Megastructures, Inc., itatayo raw ang pinakamalaking "transshipment hub" o pantalan.


"Kailangan magpokus sa mga isyu ng bayan, ang pagpapatigil sa mga reklamasyon at pagtatanggol sa kabuhayan ng mga mangingisda sa Manila Bay," pahayag ni Castro matapos ang kanyang pagpapasalamat sa mga nagkampanya at sumuporta sa pagpapalitaw at pagpapalaya sa kanila.

Ayon sa grupong Kalikasan, ang layunin ng pagdukot at ang pekeng pagpapasuko kina Castro at Tamano ay para pagtakpan ang epekto ng mga mapanirang proyekto ng pamahalaan at malalaking korporasyon. Pero hindi nagawa ng estado na gapiin ang dedikasyon ng mga tagapagtanggol ng kalikasan para ilantad ang katotohanang ito.

**'Ilitaw ang mga desaparesidos'**

"Hindi lang kami ang nawawala. Kaya panawagan namin na ilitaw din ang lahat ng biktima ng pwersahang pagkawala dahil alam natin kung sino ang may pakana nito," pahayag ni Castro sa *press conference* na isinagawa sa Commission on Human Rights matapos sila mabawi mula sa militar. Sinalubong ang dalawa ng kapwa nila mga aktibista, mga abugado, tagapagtanggol ng karapatang-tao at kanilang mga pamilya.


Sa kasalukuyan, walo pa ang nawawalang mga indibidwal na dinukot ang di pa inililitaw. Ang ibang inilitaw ay ipinrisenta ring mga pekeng sumuko tulad nina Castro at Tamano, at nina Dyan Gumanao, Armand Dayoha at Steve Tauli. AB



# $2 M

**sikretong "donasyon" ni House Speaker Martin Romualdez sa Harvard University,**

isa sa mamahaling pamantasan sa US. Pinaniniwalaang ginamit sa "proyektong pampaganda" na ito ang pondo mula sa nakaw na yaman ng pamilyang Marcos.



# 500


*war games* **at iba pang aktibidad militar**

ang ilulunsad ng US sa loob ng Pilipinas sa 2024, doble kaysa nakaraang mga taon.


# 80%

**sa mga nagtapos ng TESDA na may trabaho**

ang sumasahod na mas mababa sa minimum.




# ₱33



**baryang dagdag-sahod ang iginawad ng *regional wage board* sa Central Visayas,**

malayo sa **₱150** na iginiit ng mga manggagawa sa rehiyon.




**11 magkakasunod na linggo nang tumataas ang presyo ng mga produktong petrolyo sa Pilipinas**

bunga ng sadyang pag-ipit sa suplay ng krudong langis para umabot sa $100 kada bariles ang presyo nito.

# ₱11.6 bilyon

**na** *performance-based bonus* **(PBB) para sa 2021 ang sa wakas ay matatanggap na ng 920,000 pampublikong guro.**

Inilabas ng DBM ang pondo sa harap ng tuluy-tuloy na paggigiit ng mga guro.





# 13,000

**manggagawa sa 3 pinakamalaking kumpanya ng sasakyan sa US ang nagwelga noong Setyembre 14**

sa gitna ng negosasyon sa CBA para sa dagdag-sahod, katiyakan sa trabaho at pagbabalik ng cost-of-living allowance (COLA).




ayon sa grupong **Migrante**, ang 15 taon lamang na sentensyang pagkakakulong sa Kuwaiti na gumahasa, pumatay at nagsunog sa bangkay ng Pilipinang kasambahay na si **Jubilee Ranara**



# 43

**batayang bilihin (pagkain at iba pa)**

ang inaasahang tataas ang presyo mula ₱0.10 hanggang ₱9.75 sa loob ng taon.

# Mataas ang presyo ng bigas pero lugi ang mga magsasaka sa palayan

Hindi na magkandaugaga ang mamamayang Pilipino sa pagsirit tungong ₱60-₱70 kada kilo ng bigas, na animo'y isinabay sa pagtaas ng presyo ng langis at iba pang bilihin. Nag-utos si Marcos ng *price control* (maksimum na presyo) sa dalawang klase ng bigas noong Setyembre, pero itinago lamang ng malalaking komersyante ang suplay ng kanilang bigas at nanatiling mahal ang karaniwang presyo nito sa merkado.

Matapos salungatin ng sarili niyang mga upisyal, unti-unti nang iniaatras ni Marcos ang *price control*. Ibinida niya ang plano para diumano palaguin ang lokal na produksyon na mistulang pagbubuhay-muli sa programang Masagana 99 ng kanyang amang diktador. Sa dekada 1970, ibinaon ng programang ito ang daan-daanlibong pamilya sa pagkalugi at utang.

Pabidang nagpahayag si Marcos na "hindi nakabubuti" na nakaasa ang bansa sa importasyon. Pero ilang araw paglipas, inianunsyo ng kanyang mga upisyal ang planong bawasan hanggang tanggalin ang taripa sa imported na bigas para diumano'y "ibaba ang presyo" nito sa merkado. Kasabay nito, lumabas ang balitang malalagpasan na ng Pilipinas ang China bilang pinakamalaking importer ng bigas sa mundo.

Wala sa mga hakbang na ito ang tumutugon sa tunay na dahilan kung bakit mahal ang bigas sa bansa, at lalong wala rito ang tumutumbok sa batayang mga problema ng mga magsasaka sa palayan.

**Pagkalugi ng mga magsasaka**

Kabalintunaan na habang nagtataasan ang presyo, sumasadsad naman ang kalagayan ng mga magsasaka sa palayan. Lugi ang karamihan sa kanila dahil sa mataas na gastos sa produksyon, pangunahin ang upa sa lupa at pataba. Nananatiling maliitan at hiwa-hiwalay ang produksyon, di mekanisado at sa malaking bahagi ay nakaasa sa ulan. Lumala pang lalo ang kanilang kalagayan sa pagbaha ng imported na bigas na humila sa presyo ng bentahan ng palay. Walang pakundangan ang manipulasyon sa presyo at suplay ng malalaking komersyante at importer.

Sa mga palayan sa Laguna at Mindoro, umaabot sa ₱50,000 hanggang ₱100,000 ang gastos ng magsasaka sa isang siklo ng taniman, depende sa lawak ng lupa. Maaaring makabenta ang isang magsasaka ng mahigit ₱100,000 pagsapit ng anihan kung nasa presyong ₱14-₱17 kada kilo ang bilihan ng palay. Pero pagkatapos ibawas ang lahat ng gastos sa produksyon, swerte na kung may matira sa kanyang ₱6,000, katumbas ng ₱74 kada araw para sa apat na buwan na trabaho. May mga kaso sa Mindoro kung saan umaabot lamang sa ₱968 ang netong kita ng magsasaka sa apat na buwan, katumbas ng ₱12 kada araw. Sa relatibong malalaking parsela ng lupa, maaaring umabot sa ₱27,000 ang kanilang netong kita. Gayunpaman, katumbas lamang din ito nang ₱337 kada araw sa kwentang limang araw kada linggo na pagtatrabaho.

Isa sa pinakamalaking isahang gastos ng magsasaka sa palayan ang bayad sa upa ng lupa. Deka-dekada na nilang tinitiis ang mga kaayusang "porsyentuhan" o "buwisan" na 70-30 o 60-40, pabor sa panginoong maylupa. Kahit sa mga kasong pabor ang porsyentuhan sa magsasaka, nananatili itong mataas at di makatarungan dahil walang anumang ambag ang may-ari ng lupa sa produksyon.

Ganito ang sa kaso ni Mang Nilo, 59, na "buwisan" ang lupang sinasaka. Noong nakaraang anihan, ibinayad niya ang 15 kaban (o 825 kilo) mula sa kabuuang aning 90 kaban sa mga may-ari ng lupa. Katumbas nito ang ₱12,375 na upa sa lupa sa bilihang ₱15/kilo ng palay. Binubuo nito ang 22% ng kabuuang gastos niya sa produksyon.

**ILANG GASTOS PARA SA 1.5-EKTARYANG PALAYAN SA MINDORO**

**₱5,000**
**Binhi**
5 sako

**₱22,400**
**Abono**
8 sako ng urea

**₱1,160**
**Pestisidyo**

**₱4,225.80**
**Krudo**
para sa traktora

**₱8,470**
**Upa**
sa thresher/harvester

Mas malala sa mga palayan na sagot ng panginoong maylupa ang gastos. Kapalit ng kapital, 10% lamang ng pangkabuuang ani ang napupunta sa magsasaka. Ganito ang sitwasyon ni Mang Teroy na nagsasaka ng 1.2-ektaryang palayan. Kapalit ng kanyang pagtatrabaho, "isinahod" sa kanya ng may-ari ang 17 kaban sa 167 kabang naaning palay, katumbas ng ₱15,895 o ₱198.68 kada araw. Ang 10 kaban ay ibinenta niya sa nakakontratang bumili na kumpanya sa agribisnes na siya ring binibilhan ng abono at pestisidyo. Pilit niyang ipinagkasya ang pitong natitirang kaban para sa konsumo ng kanyang pamilya pero dahil sadyang kulang, kailangan niyang bumili ng bigas sa palengke sa presyong ₱50 kada kilo.

Dahil sa taas ng gastos sa produksyon, napipilitan ang mga mag-

*Sundan sa pahina 10*

## Armadong aksyon, inilunsad ng BHB sa Masbate at Negros Occidental

ISANG SUNDALO ANG napatay habang dalawang sundalo at tatlong pulis ang nasugatan sa mga opensibang aksyon ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Masbate at Negros Occidental sa nakaraang mga linggo.

Pinaputukan ng isang yunit ng milisyang bayan ang kontra-insurhensyang yunit ng pulis na nasa Sityo Kampoon, Barangay Batuhan, Masbate City noong gabi ng Setyembre 3. Hindi bababa sa tatlong pulis ang nasugatan sa armadong aksyon.

Ang naturang barangay at mga karatig na komunidad nito sa Masbate City ay malaon nang ipinaiilalim ng militar at pulis sa militarisayson. Inookupa nila ang mga barangay sa tabing ng Retooled Community Support Program. Labis na perwisyo ang idinulot nito sa mapayapang paghahanap-buhay ng mga magsasaka at taumbaryo.

Sa Negros Occidental, pinaputukan ng mga mandirigma ng BHB-Central Negros ang nag-ooperasyong tropa ng 62nd IB sa Purok Tumpok, Barangay Riverside sa Isabela noong Agosto 30. Nagpapahinga ang naturang tropa ng 62nd IB nang bulabugin ng BHB bandang alas-9:30 ng gabi.

Sa ulat ng BHB-Central Negros, isang sundalo ang napatay habang dalawang iba pa ang nasugatan. Sa takot, nagsitakbuhan sa kung saan-saang direksyon ang tropa ng 62nd IB. Itinago din ng mga ito ang bilang ng kaswalti sa kanilang hanay.

Samantala, iniulat ng BHB-West Cagayan ang pagkamatay ng walong sundalo ng 17th IB sa isang engkwentro sa Barangay Sicalao, Lasam, Cagayan noong Hulyo 23. Ligtas na nakapagmaniobra ang yunit ng BHB matapos ang armadong sagupaan.

---

*Mula sa pahina 9*

sasaka na umutang sa mga bangko o *microlending agency* para makapagtanim. (*Tingnan ang talaan para sa gastos sa ilang farm input.*) Sa kaso ni Aling Lea na taga-Laguna, kinailangan niyang mangutang ng ₱25,000 noong nakaraang taniman para punan ang kanyang pangangailangan sa pagtatanim. May interes itong ₱850 kada buwan na babayaran sa loob ng apat na buwan. Kapag naantala sa pagbayad, may multa siyang ₱1,000 bawat araw.

Sa Mindoro, binibili ng mga komersyante ang palay sa presyong ₱14-15 kada kilo. Para sa 130 sako ng palay (7,150 kilo), gumagastos ang isang komersyante ng ₱100,100. Dagdag niyang gastos ang pagsasabigas (pagbilad, paggiling, paghahakot at transportasyon) na kadalasang umaabot sa ₱27,000. Ibinibenta niya ang bagong-giling na bigas sa presyong ₱50 sa mga manininda o kabuuang ₱232,000 sa isang siklo ng anihan.

Sa gayon, kumita siya ng ₱105,105 o ₱22.62 kada kilo ng bigas na naibenta niya sa merkado. Kung tutuusin, nasa ₱27.38 lamang kada kilo ang aktwal na presyo ng bigas kung ibabatay ito sa gastos sa produksyon at pagsasabigas bago ito maibenta sa merkado.

**Presyo ng bigas, ibaba.** Nagprotesta noong Setyembre 12, ang mga manggagawa sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno laban sa nagtataasang presyo ng mga bilihin, laluna ng bigas. Panawagan nila, itaas ang sahod ng mga manggagawa para makaagapay sila sa walang awat na pagtaas ng presyo ng mga bilihin.

**Hustisya para kay Alzate.** Nagsagawa ng pagkilos noong Setyembre 14 ang mga kasapi ng National Union of People's Lawyers (NUPL), kasama ang iba pang demokratikong grupo, sa Quezon City para kundenahin ang brutal na pagpaslang sa abugadong si Atty. Maria Saniata Alzate. Ang pagkilos ay kasabay ng paggunita ng NUPL sa ika-16 na anibersaryo ng pagkakatatag nito. Nagkaroon ng parehong aktibidad sa Baguio City at Iloilo City.

**Patalsikin sina Diokno at Balisacan.** Nag-*motorcade* noong Setyembre 18 ang anim na grupo sa agrikultura para igiit ang pagpapatalksik sa pwesto sa kalihim ng Department of Finance na si Benjamin Diokno at hepe ng National Economic Development Authority na si Arsenio Balicasan matapos nila imungkahi ang lubusang pagtanggal ng taripa sa imported na bigas.

**Protestang mag-aaral sa UP at Ateneo.** Noong Setyembre 12, nagtipon ang mga estudyante ng University of the Philippines (UP)-Diliman sa Palma Hall sa kampus nito sa Quezon City para magprotesta kasabay ng pagbubukas ng klase para sa bagong akademikong taon sa unibersidad. Ipinahayag nila ang pagtutol sa planong pagkaltas sa badyet sa UP. Nagkaroon din ng katulad na pagkilos sa UP-Los Baños noong Setyembre 7.

Magkasunod na protesta naman ang inilunsad ng mga estudyante ng Ateneo de Zamboanga University (AdZU) at Ateneo de Davao University (AdDU) noong Setyembre 15 at Setyembre 16 laban sa Mandatory ROTC.

***Fuel subsidy*, kulang na kulang.** Nagprotesta sa Cebu City ang mga drayber sa ilalim ng PISTON, kasama ang mga myembro ng pambansang konseho nito, noong Setyembre 18 para batikusin ang napakaliit at hindi pa natatanggap na ipinangakong *fuel subsidy* ng rehimen. Nakataon ang protesta sa ika-11 linggo at isa na namang "big time" na pagtaas ng presyo ng langis na ₱2-₱2.40 kada litro sa araw na iyon.